



Republic of the Philippines  
Department of Health  
**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION**



04 JUN 2021

**FDA ADVISORY**

No. 2021-1196-A

**PARA :** SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO

**PAKSA :** Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Sumusunod na Hindi Rehistradong Gamot:


1. OTC Metronidazole Gel 10g
2. Micronomicin Sulfate Injection 2ml:60mg [Label in Foreign Language]
3. Imiquimod Cream-Mikuimote Rugao 0.25g [as reflected in the package insert]
4. OTC Mingmu Dihuang Wan [as reflected in the package insert]
5. Haojian (Euphorbia Fischeriana Steud), (Radix Sophorae Flavescentis), (Phellodendron Amurense), (Fructus Cnidii), (Arnebia Tschimganica), (Rhus Chinensis Mill), (Fructus Kochiae Scopariae), (Lonicera Japonica)

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na hindi rehistradong gamot:



Larawan 1. Hindi rehistradong gamot





**Micronomicin Sulfate Injection 2ml: 60mg [Label in Foreign Language]**  
by: Yichang Humanwell

Larawan 2. Hindi rehistradong gamot



**Imiquimod Cream-Mikuiimote Rugao 0.25g [as reflected in the package insert]**  
by: Sichuan Med-Shine Pharmaceutical Co., Ltd.

Larawan 3. Hindi rehistradong gamot



Larawan 4. Hindi rehistradong gamot



Larawan 5. Hindi rehistradong gamot

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang mga nasabing gamot ay hindi dumaan sa proseso ng rehistrasyon ng Ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificate of Product Registration* (CPR). Dahil dito, hindi masisiguro ng Ahensya ang kalidad, kaligtasan at bisa nito. Samakatuwid, ang paggamit ng nasabing mga ilegal na produkto ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan.


Alinsunod sa *Republic Act No. 9711*, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing mga ilegal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon. Karampatang parusa ay mahigpit na ipatutupad sa mga lalabag.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-*email* sa [info@fda.gov.ph](mailto:info@fda.gov.ph). Upang mag-*report* ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot, mag-*email* sa [ereport@fda.gov.ph](mailto:ereport@fda.gov.ph). Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, *i-report* agad sa FDA gamit ang *link* na ito: <https://primary-reporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

  
ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD  
Director General

DTN:



20210524130528